# ST. ANDREW'S SCHOOL, INC.

Integrated Basic Education Department
PAASCU Accredited
**TANGGAPAN NG PUNONG-GURO**

## ESPESYAL NA PALIBOT-LIHAM BLG. 1

**Taong Panuruan 2024-2025**

Petsa : 13 Agosto 2024

Para sa : LAHAT NG MAGULANG NG PAARALAN

**PAKSA : PANGKALAHATANG ORYENTASYON NG MGA MAGULANG (TP 2024-2025)**

**Mainit na pagbati mula sa St. Andrew's School!**

Sang-ayon sa nakasulat sa Palibot-Liham para sa Buwan ng Agosto na inilabas noong ika-31 ng Hulyo 2024, magkakaroon ng Pangkalahatang Oryentasyon ng mga Magulang (General Parents Orientation Program) sa Sabado, ika-17 ng Agosto 2024. Iniimbitahan ng paaralan ang lahat ng mga magulang ng mga mag-aaral ng St. Andrew's School na dumalo sa pagtitipong ito kung saan ilalahad ang ilang mahahalagang mga paksa sa palatuntunan.

Mayroong dalawang bahagi ang palatuntunan. Ang unang bahagi ay ang Pangkalahatang Pagpupulong na gaganapin sa Himnasyum ng paaralan kung saan ilang mahahalagang paksa ang tatalakayin ng ilang tagapamuno ng paaralan. Susundan ito ng ikalawang bahagi – ang oryentasyon sa silid-aralan. Ito naman ay isasagawa ng Gurong Tagapayo ng inyong anak.

Pinapaalalahanan po ang lahat na ang Pangkalahatang Oryentasyon ng mga Magulang ay isang gawaing pampaaralan kaya ang inyong pagdalo sa pagtitipon ay magsisilbing *attendance* ng inyong anak sa araw na iyon.

Kalakip ng liham na ito ang daloy ng palatuntunan para sa oryentasyon. Maraming salamat at magkita-kita po tayong lahat sa gaganaping pagtitipon. Pagpalain po tayong lahat ng Poong Maykapal.

**G. Lord Celeste E. Balo**
Punong-guro

# ST. ANDREW'S SCHOOL, INC.

**475 Quirino Avenue, La Huerta, Parañaque City**

## PROGRAMA PARA SA PANGKALAHATANG ORYENTASYON NG MGA MAGULANG

17 Agosto 2024 | Sabado

### I. PANGKALAHATANG PAGTITIPON

8 NU : PGS, MGS, SPED | 1:30 NH : JHS, SHS

A. Pambungad na Panalangin
B. Pambansang Awit ng Pilipinas
C. Mensahe mula sa Direktor ng Paaralan
D. Maikling Kasaysayan ng St. Andrew's School
E. Presentasyon at Talakayan
    1. Pahayag ng Bisyon, Misyon, at Punong Halaga
    2. Pilosopiya ng Edukasyon
    3. Ang Apat (4) na Haligi ng Edukasyon ng Andrean
    4. Mga Layunin ng Kagawaran ng Integradong Batayang Edukasyon
F. Ang Organisasyonal na Tsart ng SAS
G. Ang Komunidad ng St. Andrew's School
    1. Ang Pamunuan ng Paaralan
    2. Ang Konseho ng Punong-guro
    3. Mga Tagapamuno sa bawat Lawak ng Pagkatuto
    4. Ang Fakulti
    5. Ang Yunit ng Paglilingkod para sa Mag-aaral
H. Ulat ng Punong-guro
I. Ulat ng CCFIE
J. Ulat ng Administratibong Paglilingkod
K. Mga Mahahalagang Aktibidad ng TP 2023-2024
L. Pangwakas na Panalangin
M. Himno ng SAS

### II. ORYENTASYON SA SILID-ARALAN PARA SA MGA MAGULANG

(Isasagawa pagkatapos ng Pangkalahatang Pagtitipon at ito ay pangangasiwaan ng Gurong Tagapayo ng klase)

A. Panalangin
B. Pagpapakilala at Pagsisimula
C. Adyenda:
    1. Sistema ng Pagmamarka at Pagkuha ng mga Marka
    2. Patakaran sa Promosyon at Pagpapanatili ng mga Mag-aaral
    3. Patakaran sa mga Parangal at Pagkilala
    4. Protokol para sa Kumperensiya sa Guro
    5. Paparating na mga Gawain
    6. Iba Pang Mahahalagang Paalala
    7. Paghalal ng (2) Kinatawan ng Magulang sa Klase